



PAG-AARAL AT PAGLILINGKOD
ANG FIELD INSTRUCTION PROGRAM
NG DEPARTAMENTO NG
PAGPAPAUNLAD NG PAMAYANAN

Angelito G. Manalili

Mula nang isilang ang Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan, ibinandila na nito ang misyon ng Unibersidad ng Pilipinas na maging Lingkod ng Bayan (UP in the Service of the Nation). Hanggang ngayon, patuloy nitong pinaunlad ang kanyang mga kurso at programa upang mahusay na makapaglingkod sa sambayanan, lalo na sa higit na nakararami na mga maralita at nangangailangan.

Sa proseso ng pagtuklas ng mga sistema at pamamaraang magpapamulaklak at magpapamunga sa kanyang paglilingkod sa sambayanan, iniluwal ang Field Instruction Program ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan na nang lumao'y siyang naging PUSO AT KALULUWA NG KOLEHIYO. Sa pamamagitan ng Field Instruction Program, lalong naging buhay ang mahigpit na pagsasanib ng PAG-AARAL AT PAGLILINGKOD na nagsusulong ng mapagkalinga at mapagpalayang tradisyon ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan.

PAGBABALIK-TANAW: MAIKLING KASAYSAYAN NG FIELD INSTRUCTION NG DEPARTAMENTO NG PAGPAPAUNLAD NG PAMAYANAN

Mula sa isang payak na pinagmula'y unti-unting yumabong ang Field Instruction Program ng Kolehiyo. Sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan, dati ay nakasentro lang ang Field Instruction sa ilang mga instiutusyong naglingkod sa mga kapuspalad at maralitang pamayanan. Dito dinadala ang mga estudyante at sa proseso'y napagkakalooban ng makabuluhang pag-aaral sa Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan habang nakikibahagi sa pagkaloob ng serbisyo sa mga nangangailangan. Di nagtagal, dahan-dahang mararating ng Departamento pati ang malalayong pamayanan.

Nagsimulang mapunta sa kanayunan ang Field Instruction Program sa Lalangan, Plaridel, Bulacan noong Dekada 70. Di maglalao'y makakarating na ito sa Pantok, Bucal at Limbon, Sariaya, Quezon at sa San Diego, Bungahan at Lumaniag, Lian, Batangas. Sa mga pamayanang ito unang mamumulaklak at mamumunga ang tahasang pakikipamuhay at pakikiisa ng mga estudyante at guro ng Kolehiyo sa mga magbubukid at mangingisda.



Dito natututunan ng mga estudyante at guro kung paano makipamuhay sa mga tao at sa proseso'y maging kabahagi ng pamayanan at kaisa ng mga tao sa pagsusulong ng kanilang mga pangarap. Dito sila mapapanday sa Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan. Dito rin mahihinog ang Field Instruction Program at mahahamong makarating sa iba pang mga pamayanan.

Sa patuloy na pag-unlad ng Field Instruction Program, lalong nagiging masigla ang pagsusulong ng mapagkalinga at mapagpalayang tradisyon ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan. Magiging kabahagi na ang mga estudyante at guro ng Kolehiyo sa iba't ibang larangan ng serbisyong sumasalang sa buhay ng mga batayang sektor ng lipunan: magbubukid, mangingisda, manggagawa, maralita ng lungsod, katutubo, may kapansanan, matatanda, kababaihan, kabataan at bata.

Magiging kabahagi ang mga estudyante at guro sa gawaing pag-oorganisa ng pamayanan na magluluwal ng mga samahan sa hanay ng mga batayang sektor ng lipunan na nagsusulong ng mga pangunahing usaping tulad ng tunay na repormang agraryo at demokratisasyon at Pilipinisasyon ng pangisdaang Pilipino. Magiging kabahagi sila sa pagsusulong ng mga programang pangkaunlarang nakatuon sa patuloy na paglakas ng kakayahan, pagsandig sa pansarili at kapangyarihan ng mga maralitang mamamayan na katulad ng



*Mga mag-aaral ng CSWCD sa kanilang
Field Instruction site sa lalawigan ng
Bulacan.*

Community-Based Health Program, Community-Based Coastal Resource Management Program, Community-Based Agricultural Technology Development Program at Community-Based Disaster Management Program. Sa proseso'y patuloy na mapapaunlad ang pag-aaral ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan habang tahasang nakikipamuhay at nakikibahagi sa samasamang pagkilos ng mga mamamayan.

MGA MAHAHALAGANG BUNGA

Magandang hatiin sa dalawang kategorya ang mahahalagang bunga ng Field Instruction Program: sa PAG-AARAL at sa PAGLILINGKOD. Bilang behikulo sa pag-aaral, ang Field Instruction Program ay nagpaunlad sa pagtuturo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga estudyante at guro ng mga oportunidad para:

- ❖ Tahasang madama ang realidad ng karalitaan at pagsasamantala at mahamong makibahagi sa pagpawit nito;
- ❖ Makipamuhay sa mga tao at maging kabahagi ng kanilang pamayanan at kaisa sa pagsusulong ng kanilang mga pangarap;
- ❖ Mapag-ugnay ang teorya at praktika ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan;
- ❖ Matuklasan ang angking talento at kakayahan ng mga tao at bigyang buhay ang prinsipyong "Magmula kung saan naroroon ang mga tao at tumulong sa pamumulaklak at pamumunga ng kanilang sariling inisyatiba."
- ❖ Mapaunlad ang mga pamamaraan ng paggampan ng gawaing nagsusulong ng mapagkalinga at mapagpalayang tradisyon ng gawaing panlipunan at pagpapaunlad ng pamayanan;

- ❖ Matuklasang ang tahasang paglilingkod ang pinakamabisang paraan ng pagpanday/paglinang ng kaalama't kasanayan sa Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan;
- ❖ Maparami't mapaunlad ang mga babasahin at iba pang gamit panturo sa Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan;
- ❖ Mapahusay pati ang mga pagtuturo sa silid-aralan sa pamamagitan ng mga buhay na karanasan ng paglilingkod na bunga ng Field Instruction Program.

Bilang behikulo ng PAGLILINGKOD, ang Field Instruction Program ay:

- ❖ Nagpasigla sa pagsusulong ng hangarin ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan na makibahagi sa pagsasabuhay ng misyon ng Unibersidad ng Pilipinas bilang Lingkod ng Bayan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga guro at estudyante ng oportunidad para:
 - ⇒ Maglilingkod sa mga tao habang nakikipag-aralan sa kanila. Ang mga estudyante at guro ng Kolehiyo ay mga PAHINUNGOD sa kinapapaloobang institusyon at komunidad. Di lamang sila nag-aaral. Tumutulong din sila sa iba't ibang larangan ng gawaing paglilingkod tulad ng:

Pag-oorganisa ng Pamayanan

- Pagsusuri ng Kalagayan ng Pamayanan
- Pagpapalano ng Pagpapaunlad ng Pamayanan
- Pangangasiwa ng mga Proyektong Pangkaunlaran
- Pagbibigay ng mga Pag-aaral/Pagsasanay
- Pagpapaunlad ng mga Serbisyong Panlipunan

- ❖ Nakapagpatapos ng mga estudyanteng bumalik sa mga pamayanan at inilaan ang sarili sa makabuluhang paglilingkod sa sambayanan.

Marami sa mga naging estudyante ng Kolehiyo ang ipinagpatuloy ang sinimulang paglilingkod sa panahon ng kanilang Field Instruction sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa mga suportang institusyon. Ang ilan sa kanila'y nahamon pang magtayo ng mga bagong suportang institusyong ang layuni'y lalong pasiglahin ang ispiritu ng paglilingkod sa sambayanan na naipunla sa kanilang puso ng Field Instruction Program.

- ❖ Nagluwal ng mga gurong nang lumao'y naging kabahagi na sa pagpapatuloy ng mga gawain sa mga institusyon at pamayanang tinulungan sa ilalim ng Field Instruction Program kahit wala nang mga estudyanteng nakatalaga rito.
- ❖ Nagluwal ng mga samahang nagsusulong ng mga batayang usapin ng bayan. May mga samahang may mga guro at estudyanteng nanatiling mga boluntaryong organisador at edukador kahit tapos na ang Field Instruction Program.
- ❖ Naging tagapagbandila ng mga batayang usapin ng sambayanan at tagapagsulong ng proseso ng pag-unlad na umiikot sa buhay, karanasan at pangarap ng mga maralita.
- ❖ Nagluwal ng mga suportang institusyong nagpapatuloy at nagpapalawak ng sinimulang paglilingkod sa Field Instruction Program. May mga gurong nagtayo ng mga bagong ahensya o programa para sa mga maralita. May mga gurong humanap ng mga suportang institusyong magiging behikulo ng kanilang tuluy-tuloy na paglilingkod sa sambayanan. Karamihan sa mga partner institutions ng Kolehiyo sa pagsasakatuparan ng Field Instruction Program ay daluyan ng boluntaryong serbisyo ng mga guro ng Kolehiyo.

NASAAN NA ANG FIELD INSTRUCTION PROGRAM NG DEPARTAMENTO SA NGAYON

Malayo na ang narating ng Field Instruction Program. M Sa Ikalawang Semestre ng Taong Akademiko 1998-99, siyamnapung estudyante ng Kolehiyo ang nakatalaga sa iba't ibang suportang institusyon at mga pamayanan. Tingnan natin kung nasaan at ang uri o larangan ng paglilingkod o serbisyo kung saan nakikibahagi ang mga mag-aaral ng Departamento:

BILANG NG MAG-AARAL	AHENSYA/ KOMUNIDAD NA PINAGLILINGKURAN	LARANGAN NG SERBISYO/ PAGLILINGKOD
6	Cuyo, Palawan	Tumutulong sa gawaing pag-organisa sa mga pamayanan ng mga maliliit na mga mangingisda at magsasaka sa isla ng Cuyo para isabuhay ng Community-Based Local Resource Management
6	Anda, Pangasinan	Tumutulong sa gawaing pag-organisa sa mga pamayanan ng mga maliliit na mga mangingisda sa bayan ng Anda, Pangasinan para isabuhay ng Community-Based Coastal Resource Management.
3	Philnet, Pampanga	Tumutulong sa mga komunidad magsasaka sa pag-organisa at sa pagsasagawa ng Participatory Rural Appraisal na gagamiting batayan sa pagpapalano ng mga proyektong pangkaunlaran para sa mga magbubukid.
4	Tambuyog, Cebu	Tumutulong sa pag-organisa sa mga pamayanan ng mga maliliit na mga mangingisda at sa pagtatayo ng mga kooperatiba para sa mga proyektong pangkaunlaran.

BILANG NG MAG-AARAL	AHENSYA/ KOMUNIDAD NA PINAGLILINGKURAN	LARANGAN NG SERBISYO/ PAGLILINGKOD
3	Cabangan, Zambales	Tumutulong sa pag-organisa sa mga pamayanan ng mga maliliit na mga mangingisda at sa pagtatayo ng mga kooperatiba para sa mga proyektong pangkaunlaran.
4	Taguig, Metro-Manila	Tumutulong sa pangangasiwa ng programa ng Taguig Pre-School Day Care, Incorporated at mula rito'y makatulong sa pag-organisa ng pamayanan.
3	Cabuyao, Laguna	Tumutulong sa ibayong pagpapasigla ng samahan ng mga magsasaka at sa pagtatayo ng kooperatiba para sa pagbebenta ng kanilang mga produkto.
3	Norzagaray, Bulacan	Tumutulong sa pag-organisa at pagpapaunlad ng pamayanan sa Dumagat Settlement sa Ipo Dam sa San Mateo, Norzagaray, Bulacan.
2	Montalban, Rizal	Tumutulong sa gawaing pag-organisa ng mga madre RSCJ sa mga maralitang komunidad ng Montalban.
3	Cooperative Foundation of the Philippines, Inc. Quezon	Tumutulong sa pag-organisa ng pamayanan at pagkakaloob ng pag-aaral para sa pagtatayo at pangangasiwa ng kooperatiba.
3	Samahan ng Kababaihan para sa Kagalingan - UP Campus	Tumutulong sa profiling ng Barangay UP Campus at sa iba pang gawaing pang-organisasyon.
2	Mexico, Pampanga	Tumutulong sa sama-samang pangangasiwa ng Sapang Maisac Evacuation Center.

BILANG NG MAG-AARAL	AHENSYA/ KOMUNIDAD NA PINAGLILINGKURAN	LARANGAN NG SERBISYO/ PAGLILINGKOD
5	Kapatiran-Kaunlaran, Foundation, Incorporated	Tumutulong sa pagsasabuhay ng Community-Based Education sa mga samahang lokal ng Kongreso ng Pagkakaisa ng mga Maralita ng Lungsod sa Quezon City, Navotas at Mandaluyong.

MGA MAHAHALAGANG KATANGIAN NG FIELD INSTRUCTION PROGRAM

Para maunawaan ang sistema ng loading ng mga guro sa Field Instruction Program kailangang linawin ang mga mahahalagang katangian nito.

Una, ang bawat estudyanteng kumukuha ng kanyang kurso sa Field Instruction ay obligadong manatili sa lugar na pinagtalagahan sa kanya sa buong semestre. Umuuwi lamang siya sa UP Diliman sa mga panahong may nakatakdang Fieldwork Sharing at klase para sa mga field-based courses. Siya ay kailangang dalawin ng kanyang Faculty Supervisor ng minsan sa isang linggo. Ito ang minimum, na pangangailangan sa fieldwork, maging sa rural o urban setting. Sa talagang malayong lugar, maaaring minsan tuwing ikalawang linggo ang dalaw ng faculty supervisor pero dapat ay lumagi siya sa lugar ng kahit dalawa o tatlong araw man lang.

Ikalawa, katulad ng nabanggit sa unahan, ang estudyante ay hindi lamang nag-aaral sa komunidad o institusyong kanyang kinapapalooban. Siya ay pahinungod rin dahil tumutulong siya sa institusyon o sa pamayanan. Tulad rin siya ng kanyang Faculty Supervisor na gumaganap ng dalawang mahahalagang papel. Bilang guro na sumusubaybay sa estudyante at pahinungod o volunteer worker ng institusyon o komunidad na kinapapalooban niya. Kaya inaasahang kung nakikilahok sa gawain ang

estudyante, ang guro ay ganoon din. Kaya't sa proseso ng pagdalaw niya sa institusyon o sa komunidad, nakikilahok siya sa mga programa o gawain ng institusyon o ng pamayanan.

Ikatlo, di maaaring ikumpol ang mga estudyante sa iilang lugar dahil inihahanda sila para sa habang buhay na paglilingkod sa sambayanan. Kaya nga't para masigurong mahusay silang matututo pinaghihiwa-hiwalay sila ng komunidad o institusyon. Maaaring nakatalaga sila na apat o anim na estudyante sa iisang munisipyo, pero sa paghahatian ng gawain, maaaring iba-iba sila ng tututukang pamayanan.



*Mga mag-aaral sa FI
ng CSWCD sa isang
komunidad ng mga
Aeta sa Porac,
Pambansa.*

Magbigay tayo ng isang halimbawa. Naka-assign ako na Fieldwork Supervisor sa Sapang Maisac Evacuation Center sa Mexico, Pampanga. May 2 akong estudyante na sinusubaybayan. May 3 units ako na load para sa dalawa kong estudyante. Kung nasa UP Diliman ang klase ko, tatlong oras na pagtuturo ang katumbas nito. Pero ang madalas na mangyari ay ganito. Aalis ako ng UP Diliman para sa Fieldwork Supervision ng 7:00 ng umaga. Makabalik ako ng UP Diliman ng mga 8:00-10:00 ng gabi. Kaya kung ikukumpara sa mga classroom-based courses, masasabing mas mabigat ito. Lalo na pag siniriyoso mo ang paglilingkod. Matutulog ka pa sa komunidad, sasama ka pa sa mga gawain. Guro ka na nagpapahinungod pa.

PAANO NATUTUGUNAN ANG MGA PANGANGAILANGAN SA FIELD INSTRUCTION

Ang patuloy na bumubuhay sa Field Instruction Program ay ang pagmamahal ng mga estudyante at guro sa programa. Binabalikat ng mga estudyante ang mga personal nilang gastusin sa field pati ang kanilang insurance. Ginagastos ng mga guro ang sarili nilang pera sa paggampan nila ng gawain sa field supervision at di kumukulekta ng travel and transportation allowance hangga't kayang magremedyo. Sa mga pagkakataong nakakahingi ng suporta sa mga kapartner na institusyon, gumagaan ang dalahin. Pero di dapat manatiling ganito. Kailangang suportahan ang Field Instruction Program ng Unibersidad kaugnay ng kanyang hangaring ilapit ang Unibersidad sa Sambayanan.

Patuloy na lumalaki ang gastusin sa pagmamantini ng Field Instruction Program. Kung susumahin ang bilang ng mga estudyante na nakatalaga ngayon sa iba't ibang institusyon at pamayanan, lalo na yaong nasa malalayong lugar, kailangan talaga ang suporta ng Unibersidad sa Kolehiyo para dito. Maaaring itrato itong isang regular na extension program o pahinungod program ng Unibersidad. Tatal, matagal na ito. May malinaw na direksyon, tuluy-tuloy at talagang naaalagaan ng mga gurong tumanda na sa pagpapahinungod. Iba pa'y mayroon nang buhay na pakikipag-ugnayan ito sa kapartner na institusyon at komunidad.



ABOUT THE AUTHOR

ANGELITO G. MANALILI has a Ph. D. in Philippine Studies from UP Diliman and holds the rank of Professor at the Department of Community Development. He was a former dean of the CSWCD from 1991-1994 and a department chairperson twice.

Dr. Manalili was conferred the Most Outstanding Faculty of the University in 1992 and the Gawad K. Lopes Santos Award in 1996, among others. He is also an author of books on community organizing and project development and management.

